Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG NIANG BAYANG NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-3 NG MARSO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO .............. PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio L. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Eduardo T. Forca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villasenor ....... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 058-T'99

KAPASIYAHANG NAGPAPAABOT NG PAKIKIDALAMHATI AT PAKIKIRAMAY SA MGA NAULILA NG YUMAONG ADMINISTRADOR NG RED CROSS, LAGUNA CHAPTER, EVANGELINE H. ANGELES.

SAPAGKA'T, ang pagpanaw ni Administrador Evangeline H. Angeles ng Red Cross, Laguna Chapter ay nagduloT ng malaking dusa at pighati hindi lamang sa kanyang mga mahal sa buhay kundi pati na sa kanyang mga kababayan at kasama sa paglilingkuran;

SAPAGKA'T, sa loob ng 27 taon ng kanyang panunungkulan sa naturang tanggapan, malaki ang kanyang naitulong sa mga mamamayan ng bayang ito sa pagbabahagi ng mga programang may kinalaman sa pagdodonasyon ng dugo, paglilingkod-pangkaligtasan, pangkalusugan, paghahanda sa anumang kalamidad at iba pang mga programang nauukol sa pampamayanang paglilingkod;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na ipaabot ang pakikidalamhati at pakikiramay sa mga naulila ng yumaong Administrador ng Red Cross, Laguna Chapter, Evangeline H. Angeles.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, mga naulila ni Administrador Evangeline H. Angeles, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

HEIDI S. C[...]
Pang. Punong [...]
Tagapan[...]

SANGGUNIANG BAYAN [...]
RECORDED
BY: W
DATE 3-5
STA. CRUZ, LAGUNA

RECEIVED BY:
[signature] Angeles